

May karapatan ka na:

- tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at masagutan ang iyong mga tanong
- humirang ng isang tao (tingnan ang polyeto tungkol sa mga hinirang na tao)
- sumali sa pagplano ng iyong paggamot, suporta at paglabas ng ospital
- maging pribado at kompidensiyal
- makita ang iyong mga medikal na rekord (ang karapatang ito ay maaaring limitado)
- makakuha ng karagdagang opinyon mula sa ibang psychiatrist – maaari mong hilinging isaayos ito ng iyong psychiatrist, o ng Chief Psychiatrist (tel: 08 9222 4462)
- magamit ang Mental Health Advocacy Service (tel: 1800 999 057). Isang tagataguyod ng kalusugang pangkaisipan ang awtomatikong kokontak sa iyo sa loob ng 7 araw (24 na oras para sa mga bata) ng iyong pagiging di-boluntaryong pasyente
- magreklamo sa iyong mental health service o sa Health and Disability Services Complaints Office (HaDSCO) (tel: 1800 813 583)
- muling marebyu ang iyong kaso ng Mental Health Tribunal (tel: 08 6145 3900). Ang Tribunal ay magtatakda ng pagdinig sa loob ng 5 linggo (10 araw para sa mga bata) ng iyong pagiging isang di-boluntaryong pasyente.

Higit pang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

Mga utos-paggamot sa komunidad



Ang utos-paggamot sa komunidad (community treatment order) (Form 5A) ay isang utos sa ilalim ng Mental Health Act 2014 para magamot ka bilang isang di-boluntaryong pasyente sa komunidad.

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaasahan mo kung ikaw ay nasa isang utos-paggamot sa komunidad.

Bakit gumawa ng utos-paggamot sa komunidad?

Kung ikaw ay nasa isang utos-paggamot sa komunidad (Form 5A), ito ay dahil isang psychiatrist ang sumuri sa iyo at nagpasiya na:

- mayroon kang sakit pangkaisipan na kailangang gamutin,
- may malaking panganib ka sa sarili o sa ibang tao kung hindi ka gagamutin,
- hindi ka sapat na magaling upang makapagpasiya tungkol sa paggamot,
- hindi ka kailangang ipasok sa ospital para gamutin, at
- walang mas hindi mahigpit na paraan ng paggamot sa iyo maliban sa isang utos-paggamot sa komunidad.

Ano ang kahulugan para sa iyo ng isang utos-paggamot sa komunidad?

Ang isang utos-paggamot sa komunidad ay nangangahulugan na patuloy kang maninirahan sa komunidad (halimbawa sa tahanan o sa isang hostel), gayunman ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente at dapat tanggapin ang paggamot na naiplano para sa iyo.

Minsan man lamang sa isang buwan ikaw ay susuriin ng iyong tagapamahalang psychiatrist o ibang praktisyoner, at dapat mong daluhan ang mga ito. Dapat kang sumunod sa lahat ng tagubilin ng iyong tagapamahalang psychiatrist. Ang mga ito ay nakatakda sa mga kondisyon ng iyong utos-paggamot sa komunidad.

Paano kung hindi ka susunod sa utos?

Kung hindi ka susunod sa utos sa iyo, (halimbawa, hindi pagdalo sa mga appointment o hindi pagsunod sa planong paggamot), at gumawa ang iyong psychiatrist ng lahat ng makatwirang hakbang upang pasunurin ka, kung ganoon, ikaw ay lumabag sa utos-paggamot sa komunidad.

Bibigyan ka ng iyong psychiatrist ng 'Paunawa tungkol sa Paglabag' (Notice of Breach) na nagsasabi sa iyo na hindi ka sumunod, at kung ano ang kailangan mong gawin para makasunod.

Kung hindi ka pa rin susunod, maaaring padalhan ka ng isang 'Utos na Dumalo' (Order to Attend), ito ay isang porma na nag-uutos sa iyo na dumalo sa isang takdang lugar, (gaya ng isang klinika o ospital), sa isang takdang oras para sa paggamot sa iyo. Kung hindi ka pa rin susunod, isang pulis o opisyal ng sasakyan ang maaaring papuntahin para kunin at dalhin ka sa lugar kung saan ka gagamutin.

Gaano katagal ang isang utos-paggamot sa komunidad?

Ang isang utos-paggamot sa komunidad ay maaaring tumagal nang hanggang **3 buwan**. Ang katapusang petsa ng utos ay nakasulat sa Form 5A, na may kopyang ibibigay sa iyo.

Sa huling linggo ng utos, ang iyong tagapamahalang psychiatrist ay magpapasiya kung kailangang ipagpatuloy ang utos. Maaaring ipagpatuloy ng psychiatrist ang utos nang hanggang **3 buwan**. Ang utos-paggamot sa komunidad ay maaaring ipagpatuloy nang ilang

beses kung kailangan hanggang sa ikaw ay sapat nang magaling na hindi na kakailanganin ang di-boluntaryong paggamot.

Kung hindi ka sang-ayon na dapat ipagpatuloy ang iyong utos, maaari mong hilingin sa iyong psychiatrist na magsaayos ng karagdagang opinyon ng ibang psychiatrist. Dapat kang suriin ng pangalawang psychiatrist sa loob ng 14 na araw upang magpasiya kung ang utos ay ipagpapatuloy o hindi. Kung humiling ka ng karagdagang opinyon ngunit hindi ka nakakuha nito, hindi maaaring ipagpatuloy ang utos (maliban kung ang karagdagang opinyon ay hindi naibigay dahil hindi ka dumalo sa appointment, sa ganitong kaso ang utos ay ipagpapatuloy).

Paano matatapos ang pag-iral ng utos-paggamot sa komunidad?

Ang iyong utos-paggamot sa komunidad ay hindi na iral kung:

- ito ay lampas na sa takdang panahon at hindi ipinagpatuloy, o
- sa anumang oras, nagpasiya ang iyong psychiatrist na sapat ka nang magaling para makansela ang utos-paggamot sa komunidad, o
- sinuri ka ng iyong psychiatrist at nagpasiya na kailangan kang gamutin sa ospital, at gumawa ng isang utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital, o
- nirebyu ng Mental Health Tribunal ang iyong kaso at nagpasiya na hindi mo na kailangang maging isang di-boluntaryong pasyente.